

Ang Larawan ng Migrante bilang Filipino: Isang Panukalang Hermenyutika ng Pagka- Filipino batay kay Paul Ricoeur

JOVITO V. CARIÑO
UNIVERSITY OF SANTO TOMAS

Abstrakto

Dekada sitenta nang ipinanukala at ipatupad ng dating pamahalaang Marcos ang polisiya na naglunsad sa manggagawang Filipino sa pandaigdigang kalakalan ng paggawa. Simula noon, naging pangunahing import na ng bansa ang paggawa, na sa kasalukuyan ay isa nang industriyang nagkakahalaga ng sampung bilyong dolyar kada buwan. Ang nasabing hakbang ay siyang nakitang sagot noon sa lumalala nang kalagayan ng ating ekonomiya. Naging hudyat din ito ng malawakang pagkahumaling sa pangingibang-bayan bilang susi tungo sa mas maginhawang buhay. Mula sa mga dating pangunahing destinasyon gaya ng Saudi Arabia, Estados Unidos at Canada, nakakalat na ngayon sa iba't ibang panig ng daigdig ang umaabot sa sampung milyong manggagawang Filipino. Sila ang mga guro, nurse, doktor, inhinyero, arkitekto, marino, karpintero at mananayaw at marami pang iba na umangkas sa modernong diaspora ng mga Filipino. Kung ang pamahalaan ang tatanungin, sasabihin nito na ang nasabing diaspora ang pinakamagandang nangyari sa ating kabuhatan. Ganito din marahil ang madidinig sa mga pamilyang nakikinabang sa dolyar, dinar, yen o lira na tinatanggap nila buwan-buwan. Ekonomiya ang batayan ng mga bagay na nadagdag sa atin lalo na sa aspekto ng kalakalan at pananalapi. Gayunman, hindi sinasabi ng mga ulat ng ekonomiya kung ano ang nawala o nabago dahil sa malawakang paglikas ng mga Filipino mula sa sarili nilang bansa. Ito ang mga bagay na masisilip natin sa ilang piling panitikan ng modernong diaspora ng mga Filipino. Ang nasabing panitikan ang tala ng kanilang kasaysayan o paghahanap ng saysay sa kanilang pakikipagsapalaran sa kanilang bagong “lupang hinirang.” Gamit ang hermenyutikal na teorya ni Paul Ricoeur, lilimiin sa mga piling panitikang ito hindi lamang ang hilatsa ng mga karanasan ng migranteng Filipino kundi pati na rin ang sinasabi ng kanilang karanasan tungkol sa atin na piniling maiwan—naghihintay,

nakikibaka, nangangarap ding makaalis kung papalarin—sa sariling bayan. Dadaloy ang pagtalakay sa tanong na: *Ano ang bagong hermenyumika ng pagiging Filipino batay sa teoryang etiko-politikal ni Paul Ricoeur?*

Panimula

Sa tradisyong Bibliikal, ang salitang *diaspora* ay tumutukoy sa malawakang pagkalat ng mga Hudyo bunsod ng pagkakagapi sa Kaharian ng Judah ng imperyo ng Babilonia noong 586 BC.¹ Kaiba ito sa salitang *exodus* na tumutukoy sa paglikas ng mga Hudyo mula sa Ehipto tungo sa disyerto ng Sinai hanggang sa makarating sa bungad ng Canaan.² Kapwa tumutukoy ang dalawang salita sa paglalakbay subalit magkaiba ang hantungan na kanilang pinapatungkulan. Ang *exodus* ay paglalakbay mula pagkaalipin patungo sa paglaya. Ang *diaspora* ay paglikas mula sa sariling lupa tungo sa pagkatapon sa ibang bayan.³

Diaspora ang ginagamit kong salita upang ilarawan ang malawakang paglikas ng mga Filipino sa kasalukuyan. Umaabot na raw sa halos 4,000 kababayan natin ang lumilipad at lumilipat araw-araw upang maging welder, marino, nurse, guro, katulong, mananayaw, asawa, X-ray technician, driver, kasintahan at kung anu-ano pa sa iba't ibang bahagi ng mundo.⁴ Ang bilang na ito ang patuloy na dumadaragdag pa sa halos sampung milyong Filipino na nakakalat na sa iba't ibang panig ng mundo. Simula bungad ng dekada sitenta, nang ilunsad ng dating pamahalaang Marcos ang pangangalakal ng Filipinong manggagawa, hanggang sa patuloy na pagpapatupad ng mga sumunod na administrasyon hanggang ngayon sa nasabing patakaran, kumapal na nang kumapal ang kumpol ng mga kababayan natin na lumikas sa lupang hinirang hanap ang kaginhawahan sa lupang hiniram.⁵ Mula kay Marcos hanggang ngayon kay Noynoy Aquino, matibay ang paniniwala ng pamahalaan na ang trabaho sa ibayong dagat ang magtatawid sa atin sa kahirapan. Patunay

¹ Tingnan ang Jer 42, 43

² Tingnan and Ex 12

³ Para sa ibang larawan ng migrasyon, maaari ding tingnan ang Emma Christopher, Cassandra Pybus, at Marcus Redker, patn., *Many Middle Passages: Forced Migration and the Making of the Modern World* (Berkeley: University of California Press, 2007).

⁴ Tanya Kaur Bindra, "In Pictures: The Misery of Migrant Workers," *Aljazeera*, huling binago: 18 Disyembre 2012, <http://www.aljazeera.com/indepth/inpictures/2012/12/20121217981786357.html>.

⁵ Aniceto Orbeta, Jr. at Michael Abrigo, "Philippine International Labor Migration in the Past 30 Years: Trends and Prospects," *Philippine Institute for Development Studies*, <http://www3.pids.gov.ph/ris/dps/pidsdps0933.pdf>.

dito ang sinasabing halos sampung bilyong dolyar na halaga ng padala na pumapasok sa bansa buwan-buwan, na nakikita natin sa anyo ng mga bagong bahay, nagtatayugang condominium, mamahaling kotse, madalas na pamamasyal sa Palawan, Boracay, Hongkong, o Singapore, regular na pagtambay sa Mall of Asia, at pagkahumaling sa *tablet PC* at iba't iba pang elektronikong *gadget*. Ang mga nabanggit ay mga pamilyar na indikasyon ng isang sumisiglang ekonomiya at nagbabagong uri ng pamumuhay dala ng ibayong kapangyarihan na gumastos. Ekonomiya ang dahilan ng pagpapatupad ng polisiya ng pangangalakal ng paggawa at ekonomiya rin ang dahilan ng patuloy na pagpapatupad nito sa kasalukuyan.⁶ Maitatanong tuloy natin: nakakatulong nga ba ito sa ating kabuhayan kaya patuloy pa rin na itinataguyod, o baka naman nananatili tayong kumakapit sa ganitong patakaran dahil nakalubog pa rin ang ating ekonomiya sa kumunoy na dati pa nating kinasasadlakan? Alinman sa dalawang posibilidad na ito ang talagang nangyayari, makikita na walang ibang batayan ang pamahalaan sa kanyang kampanya hinggil sa pagpapalikas ng kanyang sariling mamamayan kundi ekonomiya. Dahil sa mas malakas at mabilis na daloy ng kapital sa ibang bansa, mas ramdam ang pangangailangan doon sa mas maraming manggagawa para sa trabaho na kulang ang gagawa o kaya ay ayaw pasukan ng mga lokal nilang mamamayan. Kabaligtaran ito sa atin kung saan matamlay o halos walang galaw ang pananalapi kaya bagsak ang hanapbuhay. Dumadagsa ang ating mga kababayan, pati na rin ang mga ang mangagagawa mula sa kapwa natin mahihirap na bansa, kung saan may bakanteng trabaho upang makaahon sa kahirapan. Sa sitwasyong ito, makikita kung paano diktahan ng ekonomiya hindi lamang ang galaw kundi pati na rin ang kapalaran, ang isktruktura ng relasyon, at ang pagbuo o pagkawasak ng identidad ng mga taong pumapaloob sa ganitong sistema.

Ito ang maituturing nating unang daluyong, o yugto, ng modernidad na tinutuligsa ng mga tagapagtaguyod ng *Teoriyang Kritikal* gaya nina Max Horkheimer at Theodor Adorno.⁷ Layunin ng modernong sistema, ng sistemang pinapatakbo ng kapitalismo, na magpairal ng iisang hulmahan na siyang magsisilbing batayan ng lahat—ng mga batas, pamahalaan, sistema ng edukasyon, uri ng musika at sayaw, at iba't iba pang aspekto ng modernong pamumuhay. Tinututulan ito

⁶ Mia Gonzalez, "Aquino to Seek OFW Protection in ASEAN Summit," *ABS-CBN News*, 2 April 2012, <http://www.abs-cbnnews.com/global-philipino/04/01/12/aquino-seek-ofw-protection-asean-summit>.

⁷ Max Horkheimer at Theodor W. Adorno, *Dialectic of Enlightenment: Philosophical Fragments*, patn. Gunzelin Schmid Noerr, sal. Edmund Jephcott (Stanford, CA: Stanford University Press, 2002), 1-34.

nina Horkheimer at Adorno, at ng iba pang Teoristang Kritikal, dahil kasangkapan ito ng pagpapalawig ng isang kamalayang mapanlupig. Sa ganitong sistema, iisang padron lamang ang dapat manaig. Binabalewala nito o pinapawalang-bisa ang ano mang uri ng partikular na identidad, ng ano mang uri ng paglihis, at ano mang modo ng pagtutol. Itinuturing nitong pangunahing halaga ang pagsunod, ang pag-ayon, at pagtupad sa namamayaning panuntunan. Ganito ang kalagayang kinatatakutan ni Aldous Huxley sa kanyang nobela na *Brave New World* at George Orwell sa akda niyang *1984*. Inilalarawan ng mga akdang pampanitikang ito ang hinaharap ng isang lipunan sa ilalim ng kontrol ng modernong sibilisasyon. Iisa ang larawan ng modernong sibilisasyon na nilikha ng dalawang nabanggit na nobelista: hindi ito makatao.

Sa unang daluyong ng modernidad, naging tau-tauhan ang ating mga kababayan, mga kasangkapan ng pandaigdigang kalakalan, gayong ang tanging hangad lamang nila ay makaahon sa buhay. Sa kalagayang ito, ang halaga ng kikitain sa ibang bansa ang tanging nagdidikta ng halaga ng kahit ano pa mang bagay. Ekonomiya ang batayang tinitingnan ng lahat, kaya ito ang kinikilalang pangunahing timbangan. Sino man ang di magrehistro sa timbangang ito ay nakatakdang mahiwalay sa lahat, at kapag hindi siya nakasama, siya mismo ay mawawalan ng halaga. Ramdam ng isang karaniwang Filipino ang pagkakaipit niya sa ganitong sitwasyon. Batid niya na ang pangingibang-bayan ay isang malaking suntok sa buwan. Sa pagtawid niya sa ibayong dagat, dala-dala niya ang pagdadalawang-isip, ang pagkalito dahil sa pagparoo't pagparito sa lupang hinirang at sa lupang hiniram. Isa siyang lagalag na nilisan ang sariling bayan upang maghanap ng bagong tahanan. Gayunman, hindi dito natatapos ang kuwento ng modernidad. Kung tutuusin, ang nasabing yugto ay unang bahagi lamang ng kasaysayan ng modernidad. Inilalarawan ng ilang sosyolohista ang nasabing kabanata bilang *kongkretong moderno*.⁸ Tinawag ito sa ganitong pangalan upang bigyang diin ang katangian nito na magbuo, na maghulma, na sapilitang maggiit ng sarili sa sarili ng iba. Kongkreto ito sapagkat nililikom nito ang lahat sa iisang kabuonan. Walang sinuman o anuman ang nakatatakas sa sakop nito. Kongkreto rin ito sapagkat ito ay matigas at walang iniwan na anumang puwang. Marami ang nag-aakalang matibay ito at hindi basta-basta mabubuwag. Kahit ang mga kritiko ay nagkakaisa sa ganitong

⁸ Zygmunt Bauman, *Liquid Modernity* (Malden, MA: Polity Press, 2000), 53-59. Tingnan din ang George Modelski, "Globalization," at Anthony Giddens, "The Globalizing of Modernity," sa *The Global Transformations Reader: An Introduction to the Globalization Debate*, patn. David Held at Anthony McGrew (Cambridge: Polity Press, 2003), 55-59 at 60-66.

palagay, subalit, sa bandang huli, kaiba sa akalang ito ang kinahinatnan ng kasaysayan ng modernidad.

Taliwas sa pangarap ng unang yugto ng modernidad, hindi nagtagumpay ang industriyalisasyon na tuparin ang hangad nitong mapasailalim ang lahat sa sakop nito. Sabihin na natin na ang unang yugto ng modernisasyon ay naging biktima ng sarili nitong tagumpay. Sa pag-angat ng ekonomiya, naging mabilis din ang daloy ng pananalapi na siyang naging susi ng mas madaling pagsasapribado ng paglikha ng yaman. Kaya nga ang modernidad na unang sinagisag ng pabrika ni Ford, ng byurukrasya ni Weber, ng Panopticon ni Foucault, o ng Big Brother ni George Orwell ay unti-unting nagbigay daan sa mga kagaya nina George Soros, Warren Buffett, Bill Gates, at kamakailan lamang, Mark Zuckerberg. Hindi na planta o kaya bodega ang sumasagisag sa ekonomiya ng ikalawang yugto ng modernidad, kundi mga indibidwal. Mula sa kontrol ng malalaking negosyo, lumipat ang kontrol sa pananalapi papunta sa pamamahala ng mga pribadong mangangalakal.

Karugtong ng pagsasapribado ng pandaigdigang ekonomiya ang pagkakatipira-piraso ng tradisyunal na konsepto ng publiko o lipunan. Sa bagong kalakarang ito, ang pinapaksa ng mga talakayan ay hindi na ang balangkas ng lipunan, ekonomikong pangkat, o katarungang panlipunan, kundi ang personal na karapatan, pribilehiyo, pribadong panlasa, o kani-kaniyang pasya sa kani-kaniyang uri ng hinahangad na pamumuhay.

Mas madalas nating nababasa o naririnig ang mga salitang deregulasyon, pribatisasyon, indibidwal na karapatan, awtonomiya, at personal na kalayaan hindi lamang sa dyaryo at telebisyon kundi pati na rin sa mga pelikula at panitikan, maging sa ating mga ordinaryong kwentuhan.

Ito ang tinagurian na “ikalawang yugto ng modernidad,” ang *lusaw* nitong anyo.⁹ “Lusaw” sapagkat wala itong tiyak o ganap na hugis, walang tiyak na pinanggagalingan o siguradong pupuntahan. Wala itong bakod o sentro na matatawag. Tulad ng tubig, patuloy lamang ito sa pagkalat, dumadaloy kung saan man nito naisin, at sa loob nito, may mga elemento na masaya nang mapabilang sa agos na nagpapagalaw sa kanila. Dito sila nakararamdam ng laya at sigla. Hindi na masyadong mahalaga kung saan o ano ang hahantungan. Ang mas importante ay makasabay sa agos at pumalaot sa pagkalusaw ng modernong panahon.

⁹ Ibid., 91-129.

Ang Larawan ng Migrante bilang Filipino

Ganito ang larangan na pinapasok ngayon ng mga migranteng Filipino sampu ng mga katulad nilang sabay na nakikipagsapalaran at nakikinabang sa mobilidad na ipinaubaya ng lusaw na modernidad. Marami ang naniniwala na ang pagiging migrante ay isang ekonomikong lunas para sa isang ekonomikong karamdaman. Sa katunayan, tinatawag ngayon ng ating pamahalaan ang ating mga kababayang migrante na mga “bagong bayani” dahil sa kanilang natatanging “kabayad-nihan.”¹⁰ Ngunit kung titingnan natin ang kuwento ng buhay ng mga Filipinong migrante, ang kanilang pinagdadaan at kinahihinatnan, sampu ng mga mahal nila sa buhay na naiwan sa sariling bayan, mababatid natin na hindi lamang ekonomiya ang nakataya sa usapin ng migrasyon. Higit na nakababahala ito lalo na kung aalahanin natin na sa isang lusaw na modernidad, walang kinikilala na anumang batayan: hindi ang ekonomiya, hindi ang bansa, hindi ang sariling pamilya na naiwan sa bahay. Para sa isang Filipino na bagong salta sa Saudi Arabia, Taiwan, Canada, Italya, Australia, o Estados Unidos, dahil wala siyang kamalay-malay sa krisis na ito, higit na nagiging malaman ang datng ng tanong na: “Saan nga ba ang puwang ko rito?”

Ang tanong na ito ay may dalawang direksyon: ang direksyong pauwi at ang direksyong pasulong. Alinman sa dalawa ay maaaring pagmulan ng posibleng sagot. Ngunit sa lusaw na modernidad, ang paghahanap ng sagot ay hindi na ganoon kahalaga sapagkat ang sagot ay maaaring higit pa sa isa, maaaring wala, o maaaring lahat ay tama. Kapag tinalo na siya ng lungkot, nadala sa kanyaw, nahirati sa bagong layaw, o nakakita ng bagong pagkakalibangan, o masanay sa bagong uri ng buhay, malilimutan na niya ang tanong gayundin ang hinahanap na sagot. Magpapatianod na lamang siya sa kanyang lusaw na kalagayan.

Sa isang lusaw na daigdig, kahit sino ay puwedeng sumanib at makibagay ngunit lahat ng ito ay nakasalalay sa sariling pasya. Walang layon o sanhi ang magdidikta ng direksyon o magbibigay ng makakapitan. Hindi kailangan ng mapa sa isang lugar kung saan kahit ano ay puwedeng mapuntahan.

Ang suliraning ito ang kabilang panig ng problema na unang tinuligsa ng Teoriyang Kritikal. Una nitong tinutulan ang malabis na pagsaklaw ng modernidad sa personal na kakayanan at kalayaan ng tao, at naging panawagan nito na panumbalikin ang orihinal na kasarinalan ng

¹⁰ Tingnan din ang Anna Romina Guevarra, *Marketing Dreams, Manufacturing Heroes: The Transnational Labor Brokering of Filipino Workers* (New Jersey: Rutgers University Press, 2010).

tao sa gitna ng tinatamang modernidad. Nagkaroon ng katuparan ang nasabing panawagan sa pagkalusaw ng modernidad ngunit kung ito nga ang hinahangad ng Teoriyang Kritikal para sa modernong indibidwal, hindi tayo nakatitiyak. Sapagkat ang nakikita natin ngayon ay ang multo ng mga tauhan ni Jean-Paul Sartre sa kanyang mga dula o ang mga imahen ng *Übermensch* ni Friedrich Nietzsche, na, gaya ni Sisyphus, ay mulat sa katotohanan na kaya niyang matupad ang kanyang hangad, ngunit bulag siya sa kalagayan na kahit kailan ay hindi niya ito mararating. Sa lusaw na modernidad, ang lahat ay manlalakbay at naglalakbay lamang. Bawat isa ay migrante na sumasakay at bumababa sa barko at eroplano. Masarap ang pakiramdam na maging pasahero. Binigyan tayo ng modernidad ng mga paliparan at pantalan, ngunit binawi sa atin ang mapa na magtuturo ng ating patutunguhan at babalikan.

Hindi kataka-taka kung ang maging pinakamalalang karamdaman sa yugtong ito ng modernong panahon ay ang sakit ng pagkawalay, ang sakit ng mga taong matagal nang nalayo sa kanilang pinanggalingan subalit hanggang ngayon ay malayo pa rin sa kanilang paroroonan; matagal nang umalis ngunit wala pa ring nararating; malaon nang nakabalik subalit pakiramdam ay naglalayag pa rin. Sila ang mga peregrinong walang pahinga, mga katutubong namamahay sa sariling tahanan, mga bayaning hanap ang kanlungan sa sariling bayan.

Ang Testimonya ng Panitikan ng Diaspora

Panitikan ng diaspora ang tawag sa mga akdang nagsasalaysay sa atin ng kalagayan ng mga kababayan nating matagal nang naninirahan sa dibdib ng lupang hiniram.¹¹ Marami sa mga manunulat ng mga akdang ito ay mga migrante mismo, mga kapwa Filipinong tinangkang makipagsapalaran sa laot hanggang mapadpad sa iba't ibang hantungan na kung titingnan sa punto de bista ng isang lusaw na modernidad ay laging pansamantala.¹² Mahalaga ang papel ng mga panitikang ito—ang mga akdang gaya ng *America is in the Heart* ni Carlos Bulosan, *Soledad's*

¹¹ Tingnan din ang E. San Juan, Jr., *Toward Filipino Self-Determination: Beyond Transnational Globalization* (Albany, NY: State University of New York Press, 2009), 124-137.

¹² Bilang hambingan, maaari ding tingnan ang Russell King, John Connell, at Paul White, mga patn. *Writing Across Worlds: Literature and Migration* (London: Routledge, 2003); Salman Rushdie, *Imaginary Homelands: Essays and Criticism 1981-1991* (London: Granta, 1992); Søren Frank, patn., *Migration and Literature: Günter Grass, Milan Kundera, Salman Rushdie, and Jan Kjerstad* (New York: Palgrave Macmillan, 2008); Sten Pultz Moslund, *Migration Literature and Hybridity: The Different Speeds of Transcultural Change* (New York: Palgrave Macmillan, 2010).

Sister ni Jose Y. Dalisay, at *Ilustrado* ni Miguel Syjuco—sapagkat sa pamamagitan ng mga ito, hindi lamang nagkakaroon ng larawan ang mga kabanata ng karanasang karaniwang walang pangalan, nagsisilbi rin ang mga ito na mabisang pananggalang laban sa mapanlusaw na kapangyarihan ng modernidad. Makikita sa mga akdang ito ang iba't ibang uri ng pagkawalay, ang paghahanap na walang hantungan, at pagkawala hindi lamang ng tirahan o pangalan kundi pati na rin ng gunita at mga pangarap. Sa dulo, wala tayong mababasa sa bawat pahina ng mga nobelang ito kundi pawang kabiguan na hindi malayo sa totoong buhay, sapagkat sa lusaw na modernidad, walang pangarap na natutupad, walang hantungan na nararating. Alam na alam ito ng mga kababayan natin sa ibang bansa na pumapasok sa dalawa o tatlong trabaho, kumakayod nang lampas sa oras maging sa araw ng Sabado at Linggo, hindi sinasanto kahit ang sariling kaarawan, *wedding anniversary* o Pasko, subalit sa tuwing titingnan niya ang kanyang pitaka, o ang sarili sa salamin, alam niyang may kulang at batid niyang hindi niya ito basta-basta mapupunuan. Ang mga panitikang gaya nito ang nagsisiwalat ng mga basag at lamat ng pagkatao ng Filipino, ng ating pagkasarili.

Subalit kung babalikan natin ang tinuran ni Paul Ricoeur, ang mga panitikang gaya din nito ang magsisiwalat sa atin ng posibilidad na makita at maunawaan kung nasaan tayo upang mula dito ay mabigkas natin ang impit na pag-aasam na makasumpung muli ng kabuuan, dito man sa lupang hinirang o sa natutunang mahalina sa lupang hiniram.¹³

Ang mga kuwentong isinalaysay sa mga nobela nina Carlos Bulosan, Jose Y. Dalisay at Miguel Syjuco ay mga naratibo ng paghahanap, ng pagsisikap na masumpungan ang kaganapan na minsan nilang naranasan o pinangarap maranasan. Si Allos sampu ng kanyang mga kapatid na lalaki (*America is in the Heart*), si Soledad at ang kanyang kapatid na si Aurora (*Soledad's Sister*), sina Miguel Syjuco at Crispin Salvador (*Ilustrado*) ay mga indibidwal na “napatalsik sa sariling teritoryo” at patuloy na inaanod sa kanilang nomadikong pakikipagsapalaran. Palagiang nakaipit sa pagdadalawang-isip kung babalik o lalawig, palagiang may hinahanap subalit hindi malinaw kung ano at para saan.

Saksi si Carlos Bulosan at ang kanyang nobela sa pagbubukas ng bagong yugto ng imperyal na kasaysayan ng Estados Unidos. Kasama rin siya sa mga unang nakatikim ng doble-karang epekto ng katuparan ng pangarap na makatuntong sa Amerika. Kinatawan ni Bulosan sa karakter ni Allos sa kanyang nobela ang konstelasyon ng iba't ibang salik

¹³ Paul Ricoeur, *Hermeneutics and the Human Sciences*, patn. at sal. John B. Thompson (Cambridge: Cambridge University Press, 1981), 43-62.

ng damdamin, kaisipan, maging ang kalagayan ng katawan na bumubuo sa isang Filipino na nakikipagtagisan sa daluyong ng modernong panahon. Kung tutuusin, mahirap ituring ang *America is in the Heart* bilang isang awtobayograpikal na akda kung ang palagay natin sa isang awtobayograpiya ay paglalahad ng isang pribadong salaysay. Ang akda ni Bulosan ay awtobayograpikal subalit sa ibang pagpapakahulugan: kuwento ito ng sarili na sinisikap matagpuan.

Ang pagkalagalag ng indibidwal, sa partikular ng migranteng Filipino, ay higit na paigtingin ng pagkalusaw ng modernidad sa panahon ng globalisasyon. Ang kuwento ni Soledad sa anino ng sariling salaysay ng kanyang kapatid na si Aurora at ang pagsisikap ni Miguel Syjuco na pagtagni-tagni ang mga nawawalang retaso ng katauhan ni Crispin Salvador habang sinusulsihan rin niya ang mga punit ng kanyang sariling nakaraan ay mga sintomas hindi ng isang lumalawak na krisis kundi ng isang krisis na dati nang malawak at ngayon ay nagsusumiksik sa naratibo ng buhay ng isang indibidwal. Sa ganitong kalagayan, makatutulong kung may matibay na istruktura na maipauubaya ang isang nasyon o estado upang maging sandigan ng kanyang mga mamamayan. Ang problema, sangkot ang estado sa suliranin na hatid ng globalisasyon. Isa sa mga tuwirang epekto ng globalisasyon ay ang pagpapahina ng kakayanan ng mga estado at bansa na itaguyod ang pamumuhay ng mga mamamayan nito.¹⁴ Hindi nga ba't ito ang dahilan kung bakit lumilikas ang mga mamamayan sa sarili nilang bayan? Ang tawag ni Karl Marx at ng mga Marxista rito ay *pagkawalay o alienasyon*. Tinagurian naman ito ni Ricoeur na *alinlangan o fragility*. Malay man sila o hindi, ito rin ang tawag sa sitwasyong hinaharap o nais talikuran ng milyun-milyong migranteng Filipino sa kasalukuyan.

Ang Hermenyutika ng Pagka-Filipino Batay kay Paul Ricoeur

Ang konsepto ng pagkawalay o alienasyon ay minana ni Marx kay G.W.F. Hegel. Una itong ginamit ni Hegel upang ilarawan ang kalagayan ng isang hindi pa hinog na kamalayan. Subalit para kay Marx, ang pagkawalay ay tumutukoy sa puwang na namamagitan sa tao at sa paggawa dahil sa isang mapansamantalang sistema ng ekonomiya.¹⁵ Sang-ayon si Ricoeur kay Marx sa pagtukoy sa penomenon ng pagkawalay,

¹⁴ Tingnan si Susan Strange, "The Declining Authority of States," sa Held at McGrew, 127-134, at Michael Mann, "Has Globalization Ended the Rise and Rise of the Nation-State?" sa ibid., 135-146.

¹⁵ Paul Ricoeur, *Lectures on Ideology and Utopia*, patn. George H. Taylor (New York: Columbia University Press, 1986), 38-40.

subalit tutol siya sa panukala ni Marx na ituring ang pagkawalay bilang isang ekonomikong kalagayan lamang. Sa katunayan, ang pagkawalay ay hindi isang negatibong karanasan para kay Ricoeur. Positibo nga ito kung tutuusin. Sangkap ang pagkawalay sa alinlangan (*fragility*) ng pagkatao ng tao. Ang alinlangan ay hindi likha ng anumang larangan ng buhay kundi likas sa tao. At para kay Ricoeur, mahalaga na harapin at kilalanin ito sapagkat ang alinlangan na ating dinaranas bilang indibidwal o pamayanan ang siyang nagbubunsod sa atin upang maging mapanlikha sa ating pananaw at paninindigan.¹⁶

Ipinasya kong gamitin ang salitang alinlangan bilang salin ng terminong *fragility* dahil mas malapit ang kahulugan nito sa sinasabi ni Ricoeur na “hungkag na *cogito*” bilang pangontra sa tiyak na tiyak na *cogito* ni Descartes.¹⁷ Gaya ng pagkawalay, itinuturing ni Ricoeur na positibo ang konsepto ng alinlangan dahil, bilang likas na salik ng pagiging tao, ito ang siyang sinapupunan ng hermenyutika. Malapit ang kaugnayan ng alinlangan sa konsepto ng *pagitan* (*distanciation*) na ipinapanukala ni Ricoeur. Dahil may pagitan sa gitna ng manunulat at ng kanyang lumipas, dahil may pagitan sa gitna ng mambabasa at ng teksto, nagkakaroon ng dahilan ang isang indibidwal na muling likhain ang animo pira-pirasong elemento ng buhay sa pamamagitan ng *paglalapat* (*emplotment*) ng mga ito sa isang salaysay. Kontra kay Wilhelm Dilthey, hindi itinuturing ni Ricoeur na hadlang ang pagitan upang balikan ang nais iparating ng isang may-akda. Sa katunayan, hindi naman talaga kailangang balikan ito. Ang dapat gawin ay muli itong likhain.¹⁸

Sinususugan ni Ricoeur si Martin Heidegger sa paggigiit na ang buhay ng tao ay isang pagdanas ng *hermeneia* subalit hindi niya ito sinundan sa kanyang pagsusulong sa interpretasyon bilang isang pundamental na ontolohiya.¹⁹ Para kay Ricoeur, ang gawain ng interpretasyon ay hindi maisasakatuparan sa pamamagitan ng tuwirang pagtukoy sa ating sarili bilang *Dasein*. Sa katunayan, walang tuwid na daan tungo sa sarili. Para matunton kung sino ako, ayon kay Ricoeur, kailangan kong hanapin ang iba. Kung sino ako ay wala sa akin; nakalagak ito sa mga linggwistikong salalayan gaya ng mga kuwento, mitolohiya, ideyolohiya, at metapora na sumasagisag sa mailap kong pagkatao. Sino

¹⁶ Farhang Erfani at John F. Whitmire, Jr., “A New Fragility: Ricoeur in the Age of Globalization,” sa *Paul Ricoeur: Honoring and Continuing the Work*, patn. Farhang Erfani (Lanham, MD: Lexington Books, 2011), 62.

¹⁷ Paul Ricoeur, *Oneself as Another*, sal. Kathleen Blamey (Chicago: University of Chicago Press, 1992), 11-16.

¹⁸ Ricoeur, *Hermeneutics*, 140.

¹⁹ *Ibid.* 106.

ako ay isang pakikipagsapalaran sa wika. Hindi ko ito lubos at tuwirang maituturo; kailangan ko itong isalaysay. Ito ang dahilan kung bakit para kay Ricoeur, dapat na baguhin ang pagturing sa akin bilang “ako” (*idem*) dahil ang pagtukoy na ito ay galing sa paniniwala na mayroon talagang ako na umiiral sa simula’t simula pa at hindi nagbabago sa daloy ng panahon. Ang pananaw tungkol sa sarili bilang “ako” (*idem*) ay dapat na magbigay-daan sa perspektibo sa sarili bilang “buháy ako” (*ipse*) dahil sa pagiging bukas nitong huli sa kakayanang maging mapanlikha. Dahil buháy ako, nagpapatuloy ang kuwento. Hindi pa natatapos ang salaysay. Hinuhubog sa kasaysayan ang saysay ng buhay ko habang patuloy ko itong isinalaysay.²⁰

Ang pagiging Filipino sa panahon ng globalisasyon, ng malawakang paglikas sa sariling bansa, ay hindi lang kuwento ng mga nagsilisan. Bagkus, kuwento rin ito na namamagitan sa kanila at sa atin na kanilang iniwanan. Malakas ang tukso na sabihin na ang pagka-Filipino ay isang karanasang makakamit lamang sa lupang hinirang. Subalit kung susundan natin si Ricoeur, ang ganitong pagtingin sa sarili ay taliwas sa kanyang ipinanunukala na katangian ng sarili bilang isang karanasang isinalaysay. Maliban dito, mayroon ding dalawang kahinaan kung bakit hindi mabisa ang pagpapakahulugan sa pagiging-Filipino na nakatali lamang sa lupang hinirang. Una, hindi nito naisasa-alang-alang ang hermenyutikal na kahalagahan ng pagkawalay o pagitan. Ikalawa, nalimutan din nito na sa panahon ng globalisasyon, halos wala nang bisa ang tradisyunal na bakod ng kani-kanyang lupa. Dahil sa priyoridad na inuukol sa kapital at sa bilis at galing ng teknolohiya, hindi na kasing-linaw nang dati ang mga hangganan ng lupa, maging ng dagat, na naghihwalay sa atin sa iba’t ibang bansa.

Hindi naman nangangahulugan na isinasa-isantabi ni Ricoeur ang halaga ng pagkabansa o pagiging mamamayan ng isang bansa. Sa katunayan, itinuturing nga na alternatibo ang hermenyutika ng pagka-mamamayan ni Ricoeur sa sinasabi ng mga tinaguriang hyperglobalista gaya nina Thomas L. Friedman at Antonio Negri. Ayon sa kanila, wala nang bisa ang pagkabansa sa panahon ng globalisasyon. Alternatibo rin ang hermenyutika ni Ricoeur sa mga iskeptikong gaya nina Samuel P. Huntington at ng mga lider ng mga unyon ng manggagawa na mahigpit na tinututulan at ikinakaila ang globalisasyon.²¹

²⁰ Ricoeur, *Oneself*, 113-168; Tingnan din ang Paul Ricoeur, “Life in Quest of Narrative,” sa *On Paul Ricoeur: Narrative and Interpretation*, patn. David Wood (London: Routledge, 1991), 20-33.

²¹ Erfani at Whitmire, “A New Fragility,” 65.

Humuhugot ng inspirasyon ang etiko-pulitikal na pilosopiya ni Ricoeur sa parehong tradisyong kinabibilangan nina Aristoteles, Hegel, at mga teorista ng kontratang panlipunan. Sinasabi ng tradisyong ito na walang kakayahang maging ganap ang isang tao kung hindi siya kabilang sa isang kongkretong komunidad na pulitikal. Kaugnay ito ng pagdidiiin ni Ricoeur na ang pulitika ay hiwalay na larangan sa ekonomiya, na siyang kabaligtaran ng posisyon ni Marx. Hindi sapat samakatuwid na gawing dahilan ang pamamayani ng kapital at pangangalakal sa panahon ng globalisasyon upang sabihing wala nang bisa ang pagkabansa. Ang ang pakikibaka laban sa pagkalimot sa pinagmulan, laban sa kawalan ng pagkakakilanlan, laban sa pagyurak sa dangal at karapatan ay nagkakaroon ng higit na bisa kung ikakawing ito sa pagiging kasapi ng isang bansa. Ang bansa at pagkabansa samakatuwid ang pundamental na lokasyon ng pluralismo. Ito ang dahilan kung bakit ang mga konsepto ng pagkawalay at pagitan ay may malaking puwang hindi lamang sa teoretikal na hermenyutiko ni Ricoeur kundi pati na rin sa kanyang etiko-pulitikal na pilosopiya. Saligan ito ng negosasyong pulitikal sa isang komunidad, lokal man o pangdaigdigang; saligan din ito ng pagkamamamayan sa isang bansa.

Tinatawag na *agonistiko* ang ganitong uri ng pagka-mamamayan.²² Itinutulak ng agonistikong teorya ng pagka-mamamayan ang paniniwala na hindi maiiwasan at hindi dapat iwasan ang katotohanan ng pagkawalay sa ating buhay, bilang isang bansa man o bilang indibidwal. Salamat sa pagkawalay, nagkakaroon ng puwang para sa mga naiibang interpretasyon na magsusulong sa mga bagong pang-unawa at pamamaraan ng pagiging mamamayan, malayo man o malapit sa sariling bayan.

Hindi kataka-taka na mas nakilala ni Allos ang kanyang pagka-Filipino nang lumayo siya sa Binalonan at naghanap-buhay sa Seattle, sa Alaska, at sa California sa harap ng matinding diskriminasyon laban sa mga katulad niyang itinuturing na sampid sa Amerika. Hindi rin naging hadlang kay Crispin Salvador ang kanyang matagal na pagkalayo at ang malaon nang pagtakwil sa kanya ng sariling bansa at sariling pamilya upang patuloy siyang magsulat tungkol sa mga nagpapaalala sa kanya sa Pilipinas kahit na bukambibig niya ang pagnanais na talikuran ito. Nawalan man ng pangarap, ng pangalan, maging ng sariling bangkay, higit pa ring luminaw kay Soledad ang dahilan upang magbalik sa Paez, sa kanyang malayo at tahimik na bayan. Nangyari pa ito noong siya ay lumikas at lakas-loob na sumabak sa trabaho na sa bandang huli ay maglalagay sa kanya sa kapahamakan.

²² Ibid., 69.

Ang kuwento nila ay hindi kanila lamang. Ito ay kuwento ng bawat Filipino na naghahanap ng puwang upang bigyang saysay ang kani-kaniyang pagsisikap na mabuhay. Ang panitikan ng diaspora gaya ng kina Bulosan, Dalisay at Syjuco ay tala ng kasaysayang pumapaimbulog hanggang ngayon na isinasangkot tayong lahat. Sa mga hindi pa nakababasa ng mga ito, sapat na siguro na sabihin na mala-trahedya ang mga ito. Hindi ko alam kung alin ang higit na nakapagpapabigat ng dibdib: ang mabasa ang kasaysayan nilang mga nawalay sa atin o ang hindi ito basahin dahil sa makitid na paniniwalang wala silang kaugnayan sa atin.

Kongklusyon

Kinakatigan ko ang panukala ni Ricoeur na may lantay na kabuonan ang tao. Hindi ito lantad na nakikita, subalit masisilip ito sa mga pagsisiwalat ng panitikan. Ipinapakilala sa atin ng panitikan ng diaspora hindi lamang kung sino tayo kundi pati na rin kung sino ang hindi na tayo. Dulot nito ang pagpapatuloy natin ng ating paghahanap, ng ating pagsisikap na muling likhain ang ating sarili. Ang sarili na ito nabubuo sa pagitan ng ating mga iniwan at ng mga bagong haharapin, sa pagitan ng mga hindi matapos na simulain at mga hindi masimulang hangarin. Hindi masisilip sa mga opisyal na ulat ng pamahalaan o sa mga kagyat na sulyap sa mga balita sa telebisyon kung ano ang nakapaloob sa karanasan ng mga kababayan nating naghahanap-buhay sa ibang bansa. Subalit, paminsan-minsan, gigitlain tayo ng isang Sarah Balabagan, Flor Contemplacion, o Angelo dela Cruz upang ipaalala ang mga salaysay na kung tutuusin ay kuwento rin ng ating buhay. Hindi lamang tayo tagatanggap ng sobre galing sa Western Union o LBC, o tagapag-ingat ng ATM na nagkakalaman at nauubos din buwan-buwan. Hindi lamang tayo taga-abang sa malalaking kahon na pinabango ng naglalabang amoy ng Hershey's at malalaking sisidlan ng Jergens. Tayo rin ang sanhi ng kanilang pag-alis, at kung papalarin sila, tayo rin ang kanilang babalikan. Tayo ang tagapag-ingat ng kanilang kuwento, ng mga tagpong hindi na nila maalala, ng mga kantang hindi na nila makabisa, ng mga pangarap na humulagpos na sa kanilang mga kamay. Sa salaysay ng ating buhay, muli tayong nagtatagpo at muli tayong nabubuo bagaman pinaghiwalay tayo ng kapalaran dulot ng panahong mapanlusaw.

Mahirap takasan ang pagbabagong hatid ng daluyong ng modernong panahon. Singhirap ito ng pagharap sa hirap ng buhay sa isang bansa na tila naiwan ng kaunlarang ninanais sabayan. Ang larawan ng migrante bilang Filipino ay isang kuwento ng paglalakbay at paghahanap, ng pagsuon sa panganib na hindi alam kung ano ang kahihinatnan,

ng pagsugal sa pag-asa na baka sakaling matagpuan sa kabila ng mga puwersang nagtatangkang pumuksa dito. Marami nang nahulog at naanod sa mapanlinlang na lusaw na pangako ng modernidad. Sa unang tingin, tila madali itong mararating. Wala itong sinasabi tungkol sa anumang kapahamakan o kabiguan na naghihintay sa kabilang pampang. Ang mga nabulid na sa kanilang patibong gaya ng mga tauhan sa nobela ni Bulosan, Dalisay at Syjuco ang nagpapakilala sa atin ng tunay na kulay ng isang modernidad na umaagos sa bisa ng mga pribadong tagumpay at personal na kabiguan. Ipinapakita nito ang kalakip ng malabis na indibidwalidad na ibinebenta ng modernong ekonomiya bilang susi sa mas mabilis at mas madali na paglikha ng yaman. Sang-ayon sa turing ni Ricoeur, may hangganan ang halaga ng pagka-indibidwal sapagkat higit pa ang kaganapan ng ating pagkatao ay sa kakayanan ng nag-iisang tao. Ang mga akdang gaya ng panitikan ng diaspora ay nagpapaalala sa atin ng batayang katotohanang ito. Binibigyan din tayo ng mga ito ng kakayanang lumikha ng mga puwang kung saan maaari nating mapagdugtong-dugtong ang tila hiwa-hiwalay na mga yugto ng ating kasaysayan. Sa tingin ko, sa ganitong paraan lamang natin matitimpi ang kapangyarihan ng lusaw na modernidad, kasabay ng ating paglikha sa ating sarili bilang mga Filipinong naglalakbay sa pagitan ng lupang hinirang at lupang hiniram.

Mga Akdang Nabanggit

- Bauman, Zygmunt. *Liquid Modernity*. Malden, MA: Polity Press, 2000.
- Bindra, Tanya Kaur. "In Pictures: The Misery of Migrant Workers." *Aljazeera*. Last modified: 18 December 2012. <http://www.aljazeera.com/indepth/inpictures/2012/12/20121217981786357.html>.
- Christopher, Emma, Cassandra Pybus, at Marcus Rediker, patn. *Many Middle Passages: Forced Migrations and the Making of the Modern World*. Berkeley: University of California Press, 2007.
- Erfani, Farhang, patn. *Paul Ricoeur: Honoring and Continuing the Work*. Lanham, MD: Lexington Books, 2011.
- Frank, Søren, patn. *Migration and Literature: Günter Grass, Milan Kundera, Salman Rushdie, and Jan Kjærstad*. New York: Palgrave Macmillan, 2008.
- Gonzalez, Mia. "Aquino to Seek OFW Protection in ASEAN Summit," *ABS-CBN News*, 2 April 2012. <http://www.abs-cbnnews.com/global-filipino/04/01/12/aquino-seek-ofw-protection-asean-summit>
- Guevarra, Anna Romina. *Marketing Dreams, Manufacturing Heroes: The*

- Transnational Labor Brokering of Filipino Workers*. New Jersey: Rutgers University Press, 2010.
- Held, David, at Anthony McGrew, mga patn. *The Global Transformations Reader: An Introduction to the Globalization Debate*. Cambridge: Polity Press, 2003.
- Horkheimer, Max, at Theodor W. Adorno. *Dialectic of Enlightenment: Philosophical Fragments*. Pinamatnugutan ni Gunzelin Schmid Noerr. Isinalin ni Edmund Jephcott. Stanford, CA: Stanford University Press, 2002.
- King, Russell, John Connell, at Paul White, mga patn. *Writing Across Worlds: Literature and Migration*. London: Routledge, 1995.
- Moslund, Sten Pultz. *Migration Literature and Hybridity: The Different Speeds of Transcultural Change*. New York: Palgrave Macmillan, 2010.
- Orbeta, Aniceto, Jr., at Michael Abrigo. "Philippine International Labor Migration in the Past 30 Years: Trends and Prospects." *Philippine Institute for Development Studies*, <http://www3.pids.gov.ph/ris/dps/pidsdps0933.pdf>.
- Ricoeur, Paul. *Hermeneutics and the Human Sciences*. Pinamatnugutan at isinalin ni John. B. Thompson. Cambridge: Cambridge University Press, 1981.
- _____. *Lectures on Ideology and Utopia*. Pinamatnugutan ni George H. Taylor. New York: Columbia University Press, 1986.
- _____. *Oneself as Another*. Isinalin ni Kathleen Blamey. Chicago: University of Chicago Press, 1992.
- Rushdie, Salman. *Imaginary Homelands: Essays and Criticisms 1981-1991*. London: Granta, 1992.
- San Juan, E., Jr. *Toward Filipino Self-Determination: Beyond Transnational Globalization*. Albany, NY: State University of New York Press, 2009.
- Wood, David, patn. *On Paul Ricoeur: Narrative and Interpretation*. London: Routledge, 1991.